Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

JUL 05 2007

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 260 s. 2007

PAMBANSANG SEMINAR SA FILIPINO

Para sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng Paaralan
Puno/Pinuno ng mga Pribadong Paaralan

1. Ang Pamantasang De La Salle-Dasmarinas ay magdaraos ng Pambansang Seminar sa Filipino na may paksang "Ang Kulturang Pilipino sa Wika, Literatura at Pelikula". Ito ay gaganapin sa Setyembre 27-29, 2007 (Huwebes hanggang Sabado) sa Tanghalang Julian Felipe ng Pamantasang De La Salle-Dasmarinas.

2. Pagkatapos ng seminar, inaasahang:

a. madaragdagan ang kabatiran ng mga gurong nagtuturo ng wika at panitikang Filipino;
b. mabibigyan pa ng mas malawak na pananaw ang mga delegado hingil sa mga napapanahaong isyu sa larangan ng pagtuturo ng wika, literatura at pelikulang Pilipino sa lahat ng antas; at
c. mailatag at masuri ang mga kagamitan, istilong panturo at pagpaplanong akademiko alinsunod sa mga hinihinging pagbabago ng panahon.

3. Ang mga dadalo sa seminar na ito ay ang mga gurong nagtuturo ng/sa Filipino, ang panlalawigan at pansangay na superbisor o puno sa Filipino, puno ng kagawaran, punongguro at tagamasid sa mga paaralang elementarya, sekundarya at kolehiyo, pribado man o publiko.

4. Ang lahat ng dadalo ay magbabayad ng Dalawanlibo at Siyam na Raang Piso (PhP2,900.00) para sa pagkain at kit (hindi kasama ang akomodasyon, almusal at hapunan). Ipapangalan ang bayad na tseke sa De La Salle Philippines-Dasmarinas.

5. Para matiyak ang bilang ng seminar handouts na ipamamahagi sa rehistrasyon, mangyaring magpadala ng reserbasyon sa o bago ang Setyembre 15, 2007 kina:

Lakandupil C. Garcia, EdD
Direktor ng Seminar
De La Salle Philippines-Dasmariñas, Cavite
Tel. Blg. (046) 416-5086
Mobile: 0919-359-2012
E-mail: lcgarcia@mail.dasma.dlsu.edu.ph

Christian George C. Francisco
Ko-Direktor ng Seminar
De La Salle Philippines-Dasmarinas, Cavite
Tel. Blg. (046) 416-4531 lokal 3188
Mobile: 0919-8317403
E-mail: ccfrancisco@mail.dasm.dlsu.edu.ph

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**RAMON C. BACANI**
Pangalawang Kalihim

Sanggunian:

W a l a

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u>

sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Learning area, FILIPINO
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS

Reformatted by: Sally - pambansang seminar sa Filipino
Hunyo 22, 2007